# Maghandang mag-enroll at bumoto



ELECTORAL COMMISSION
TE KAITIAKI TAKE KŌWHIRI

## Bakit dapat mag-enroll upang bumoto?

Kung naka-enroll ka upang bumoto, magkakaroon ka ng karapatang magsalita sa pangkalahatang eleksyon, lokal na eleksyon at mga referendum. Pagkakataon mo ang mga eleksyon upang masabi mo kung sino ang kakatawan sa iyo sa mga isyung mahalaga sa iyo.

**Makatitiyak kang maririnig ang boses mo sa pamamagitan ng pag-enroll upang bumoto.**

## Sino ang maaaring mag-enroll upang bumoto?

Dapat kang mag-enroll kung ikaw ay:

- **18 taong gulang pataas, at**
- **isang mamamayan ng New Zealand o permanenteng residente ng New Zealand, at**
- **nanirahan sa New Zealand nang tuluy-tuloy nang mahigit isang taon sa iyong buhay.**

Kung ikaw ay Australian, Cook Islands Maori, Niuean, o Tokelauan, maaari kang mag-enroll kung nanirahan ka sa New Zealand nang tuloy-tuloy sa loob ng 12 buwan.

Kung nakatira ka sa ibang bansa maaari kang mag-enroll para sa Pangkalahatang Eleksyon sa 2023 kung:

- **isa kang mamamayan ng New Zealand na nanatili sa New Zealand sa loob ng nakalipas na 6 na taon, o**
- **isa kang permanenteng residente ng New Zealand na nanatili sa New Zealand sa nakalipas na 4 na taon.**

Pagkatapos ng 2023 eleksyon ay ibabalik ito sa 3 taon para sa mga mamamayan ng New Zealand at 12 buwan para sa mga permanenteng residente ng New Zealand.

Para sa mga layuning pang-eleksyon, ang permenanteng residente ay ang sinumang taong nasa New Zealand ayon sa batas at hindi kailangang umalis sa loob ng isang tiyak na panahon. Kasama dito ang isang taong may resident visa.

Maaari kang mag-enroll kapag 17 taong gulang ka na. Kapag 18 taong gulang ka na, awtomatiko kang mae-enroll at magiging handa ka nang bumoto.

## Paano ako mag-e-enroll?

Madaling mag-enroll at mag-update ng iyong mga detalye. Maaari kang:

- bumisita sa **vote.nz** at gamitin ang iyong New Zealand driver licence, New Zealand passport o na-verify na pagkakakilanlan ng RealMe upang mag-enroll online
- tumawag nang libre sa **0800 36 76 56** at humingi ng form na ipadadala sa iyo

Kapag naka-enroll ka na, itatala ang iyong pangalan sa electoral roll. Dapat ay nasa electoral roll ka upang makaboto.

Kailangan mong i-update ang iyong mga detalye sa tuwing lilipat ka ng bahay.

## Nag-aalala ka ba para sa iyong personal na kaligtasan?

Kung nag-aalala ka para sa iyong personal na kaligtasan, o ng iyong pamilya, maaari kang mag-apply na pumunta sa kumpidensyal at hindi naka-publish na roll. Pananatilihin naming ligtas ang mga detalye ng iyong enrollment at hindi namin ibibigay ang mga iyon kahit kanino.

Pumunta sa **vote.nz** o tumawag sa **0800 36 76 56** para sa higit na impormasyon at application form.

## Kailangan ng tulong upang mag-enroll?

Maaari mong hilingin sa kakilala mo, gaya ng kaibigan o miyembro ng pamilya, o maaari mong hilingin sa aming enrollment team, na tulungan kang kumpletuhin ang iyong enrollment form, o kumpletuhin ang iyong form para sa iyo.

Kailangan mong lagdaan ang form.

Kung may kilala kang hindi kayang kumpletuhin o lagdaan ang kanilang enrollment form dahil sa pisikal o mental na kapansanan, maaari kang makatulong.

Pumunta sa **vote.nz** upang malaman ang higit pa tungkol sa pagtulong sa isang tao na mag-enroll upang bumoto.

## Pag-e-enroll upang bumoto kung ikaw ay isang Māori

Kung Māori ang iyong pinagmulan at nag-e-enroll sa unang pagkakataon, may mahalaga kang gagawing pagpili. Kailangan mong magdesisyon kung sa aling electoral roll ka sasama: sa pangkalahatang roll o sa Māori roll. Maaapektuhan ng iyong pagpili kung aling electorate ang iboboto mo sa pangkalahatang eleksyon.

Kung pipiliin mo ang pangkalahatang roll, iboboto mo ang kandidatong nasa pangkalahatang electorate.

Kung pipiliin mo ang Māori roll, iboboto mo ang kandidatong nasa Māori electorate.

Iboboto mo ang parehong listahan ng mga politikal na partido kahit saang roll ka man kasali.

Maaaring makaapekto ang roll na pipiliin mo sa paraan ng pagboto mo sa mga lokal na eleksyon. Kung ikaw ay nasa Māori roll at may Māori Ward o constituency ang iyong lokal na awtoridad, boboto ka sa mga kandidatong nasa Māori ward o constituency.

Maaari mong baguhin ang iyong roll anumang oras maliban sa 3 buwan bago ang pangkalahatang eleksyon at ang mga lokal na eleksyon, at sa ilang pagkakataon bago ang parliamentaryong by-election.

## Nais ng higit pang impormasyon?

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pag-enroll at pagboto:

- bisitahin ang **vote.nz**
- tumawag sa **0800 36 76 56**

Available ang impormasyon tungkol sa pag-enroll at pagboto sa maraming wika sa **vote.nz**

ELECTORAL COMMISSION
TE KAITIAKI TAKE KŌWHIRI

ROE47 05/23_Tagalog